Makapangyarihang Diyos

NOTES

WARM-UP

- Ano ang pangunahing regalong gusto mong matanggap ngayong Pasko? Bakit mo ito gusto?
- Sa iyong paglaki, anong libro o pelikula tungkol sa Pasko ang pinakanagustuhan mo? Bakit mo ito nagustuhan?
- Itinuturing mo ba ang iyong sarili bilang malakas na tao o bilang mahinang tao? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

WORD *Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang "Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan."* **ISAIAS 9:6**

Ang Pasko ay panahon ng pagdidiriwang ng kapanganakan ni Jesu-Cristo, na s'yang tinutukoy ni Isaias bilang ating *Makapangyarihang Diyos*. Si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao, na nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan ng Diyos. Nang ibigay sa atin ng Diyos ang regalo ng Kanyang Bugtong na Anak na si Jesus, ipinakita Niya ang Kanyang walang hangganang kapangyarihan upang lutasin ang pinaka-malaking suliranin ng tao—ang kasalanan. Kung tayo ay pababayaan sa ating mga sariling kakayahan, hindi natin mapagtatagumpayan ang kasalanan. Sa araling ito, ating titignan kung paano ipinakita sa atin ng ating *Makapangyarihang Diyos* ang Kaniyang labis-labis na kapangyarihan at kalakasan.

1 Inililigtas Niya tayo sa ating kasalanan.

"Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, dahil ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan." **MATEO 1:21**

Ang pangalang Jesus ay ibinibigay sa mga anak na lalaki bilang simbolo ng pag-asa ng kaligtasan sa pagdating ng Mesias. Si Jesus, gayunpaman, ay hindi lamang basta sagisag ng kaligtasan; Siya ang ating kaligtasan at Siya lamang ang makapagliligtas mula sa atin sa ating mga kasalanan. Ayon sa Mga Taga-Roma 3:23,24, sino ang nagkasala? Paano tayo napapagpawalang-sala?

.....

.....

.....

2 Tinutulungan Niya tayo sa panahon ng kahinaan.

Ngunit sinabi ng Panginoon sa akin, "Sapat na sa iyo ang aking biyaya, dahil ang kapangyarihan ko'y nakikita sa iyong kahinaan." Kaya buong galak kong ipinagmamalaki ang aking mga kahinaan, nang sa ganoon ay lagi kong maranasan ang kapangyarihan ni Cristo. **2 CORINTO 12:9**

Si Pablo, na siyang gumawa ng sulat na ito, ay binigyang-pansin ang sapat na kakayahan ng Diyos para sa lahat ng mananampalataya ngayon, gaaano man kahirap ang kanilang sitwasyon. Sa katunayan, sinabi ni Pablo na ang kanyang sariling kahinaan ay mga pagkakataon upang maipakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan. Ano ang ibig sabihin ng sapat? Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nakita mo kung paano ka natulungan ng kakayahan at kapangyarihan ng Diyos sa oras ng iyong kahinaan.

3 Ibinibigay Niya sa atin ang katagumpayan.

Ngunit salamat sa Diyos dahil binigyan niya tayo ng tagumpay sa mga bagay na ito sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. **1 CORINTO 15:57**

Ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus ay nagbigay sa atin ng tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Kung ibibigay natin ang ating pagtitiwala kay Jesus, tayo ay makasisiguro na makapagbalik-loob tayo sa ating ugnayan sa Diyos at tayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan kasama Siya. Bakit natin magagawang magpasalamat sa Diyos araw-araw anuman ang mangyari?

APPLICATION

- Ano ang isang sitwasyon kung kailan kinailangan mo ang kalakasan ng Diyos? Aminin sa Diyos ang iyong kahinaan at ihayag ang Kanyang kapangyarihan upang mapagtagumpayan mo ang sitwasyong ito.
- Maghanap ng isang talata sa Bibliya na nagpapakita sa iyo na tayo ay may *Makapangyarihang Diyos*. Isaulo ang talatang ito at pag-isipan ngayong linggo.
- Sa mga miyembro ng iyong pamilya at kaibigan, isipin kung sino ang kailangang maka-alam na tayo ay iniligtas na ni Jesus sa ating mga kasalanan. Magtakda ng araw kung kailan kayo maaaring magkita at ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo sa kanya ngayong linggo.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng Kanyang Anak na si Jesus upang mamatay para sa ating mga kasalanan. Ipanalangin na Siya ang laging magiging dahilan ng pagdidiriwang sa panahon ng kapaskuhan.
- Ipanalangin na lagi kang mamumuhay sa katagumpayan na ipinagkaloob ni Jesus para sa iyo at na lagi mong ipapahayag nang buong tapang sa ibang tao ang lahat ng ginawa Niya para sa iyo.
- Hingin sa Diyos na gamitin kang instrumento ng pagpapala at kalakasang loob, hindi lamang tuwing Pasko, kundi araw-araw.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph